



### Bukas ang online na pagsasanay sa vendor ng fireworks

BRAMPTON, ON (Abril 15, 2021) – Binuksan ng Lungsod ng Brampton ang proseso sa online na pagsasanay nito para sa mga vendor na nagpaplanong magbenta ng fireworks sa taon na ito.

Mandatoryo ang pagsasanay at komplusoryo ang pagtapos ng kursong ito bago magkaroon ng lisensya ang mga vendor na magbenta.

Para mag-register sa kurso, ang mga vendor ay pwedeng tumawag sa Brampton Fire Prevention division sa 905.874.2740 o mag-email sa [fire.prevention@brampton.ca](mailto:fire.prevention@brampton.ca) at i-email ang mga detalye ng kurso sa aplikante.

Dahil sa pangkalusugan at pangkaligtasang paghihigpit na ginagawa para sa COVID-19, ang pagsasanay ay ihahatid sa isang online format sa limang madaling hakbang

1. Magsumite ng bayad para sa 2021 Fireworks Retailer na kurso at mag-aplay para sa [inspeksyon ng bumbero](#)
2. Panoorin ang Fireworks Retailer Training Video
3. Sagutan ang Palatanungan sa Fireworks Retailer
4. Isumite ang aplikasyon sa lisensya at ang bayad sa pag-register. Makipag-ugnayan sa [licensing@brampton.ca](mailto:licensing@brampton.ca) para sa mga detalye.
5. Kunin ang Lisensya sa 2021 Fireworks Retailer nang personal mula sa City Hall. Mandatoryo ang paghingi ng appointment bago bumisita sa City Hall at pwedeng i-book sa [www.brampton.ca/skiptheline](http://www.brampton.ca/skiptheline).

Ang pagsasanay sa vendor ng fireworks ay sumasaklaw sa mga uri ng fireworks na pinapayagan para sa pagbebenta, mga tuntunin sa pagtatabi, pag-display at pagbebenta, mga rekisito sa ID ng customer at pangkaligtasang mga patnubay na ipamimigay sa mga mamimili.

Para sa mga vendor na may maramihang mga lokasyon, kailangan ang kahit isang operator mula sa bawat lokasyon para tapusin ang kurso. Kailangang tatandaan din ng mga vendor na ang deadline sa pag-aplay para sa inspeksyon ng bumbero ay:

- Biyernes, Abril 30, 2021 for para sa Victoria Day fireworks
- Biyernes, Hunyo 11, 2021 para sa Canada Day fireworks
- Biyernes, Oktubre 15, 2021 para sa Diwali fireworks
- Biyernes, Disyembre 10, 2021 para sa fireworks ng Bisperas ng Bagong Taon

Ang Ordinansa sa Fireworks ng Lungsod ng Brampton ay nagpapahintulot sa pagbebenta at personal na paggamit ng malapitang range lamang na fireworks (mga fireworks na posibleng lilipad ng kulang-kulang 3 metro o 10 piye kapag sinindihan) apat na beses sa isang taon - Victoria Day, Canada Day, Diwali at Bisperas ng Bagong Taon.



### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)